Australian Government
Department of Health and Aged Care



# Single Assessment System [Isahang Sistema ng Pagtatasa]

Isinasagawa namin ang reporma sa mga pagtatasa ng pangangalaga sa matatanda upang maging mas madali para sa iyo na makapasok sa serbisyo ng pangangalaga sa nakatatanda at makakuha ng iba't ibang serbisyo habang nagbabago ang iyong mga pangangailangan.

## Ano ang Single Assessment System?

Ang Single Assessment System para sa pangangalaga sa nakatatanda ay may 3 pangunahing bahagi:

- Ang **Integrated Assessment Tool (IAT) [Tool ng Pinagsamang Pagtatasa]** ay nagsimula bilang bagong kagamitan sa pagtatasa ng pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyong pangangalaga sa nakatatanda na pinopondohan ng Pamahalaan ng Australya noong ika-1 ng Hulyo 2024
- Pagsasama-samahin ng pangkat ng **Single Assessment System** ang 3 magkakaibang pangkat ng pagtatasa simula ika-9 ng Disyembre 2024
- nagsisimulang ilunsad mula ika-1 ng Hulyo 2025 **ang mga bagong First Nations assessment organisations [organisasyong tagapagtasa para sa First Nations]** upang makapagbigay ng mas ligtas sa kulturang mga landas (pathway) para sa mga nakatatandang Aboriginal at mga taong mula sa Torres Strait Islander.

Magkakaloob ang bagong sistema ng isang isahang pathway ng pagtatasa upang makakuha ng lahat ng serbisyong pangangalaga sa nakatatanda na pinopondohan ng Pamahalaan, kabilang

ang pangangalaga sa tahanan, flexible na uri ng pangangalaga, at pagpasok sa pasilidad ng pangangalaga sa nakatatanda. Ito ay:

- mas magiging mas simpleng sundin para sa iyo, sa iyong pamilya, at sa mga tagapag-alaga mo
- tutulong itong matiyak na isang beses mo lang kailangang ibahagi ang iyong kwento
- aangkop sa iyong nagbabagong mga pangangailangan, nang hindi kinakailangang palitan ang tagapagtasa
- tutulong itong tiyakin ang pag-access sa mga pagtatasa sa mga rehiyonal, rural, at malalayong lugar
- magkakaroon ng mas maikling paghihintay para sa mga pagtatasa.

Walang magiging pagbabago sa mga kahingian para sa pagiging karapat-dapat sa pangangalaga sa nakatatanda o sa mga referral para sa mga kagyat na serbisyo.

## Ano ang pangkat ng Single Assessment System?

Dati, mayroong iba't ibang mga pathway ng pagtatasa. Dahil dito, hindi pare-pareho ang mga pagtatasa at madalas na lumilipat ang mga matatanda sa iba't ibang organisasyon habang nagbabago ang kanilang mga pangangailangan.

Ang pangkat ng Single Assessment System ay nagbibigay ng isahang pathway ng pagtatasa na mabilis na aangkop sa nagbabagong mga pangangailangan, nang hindi kinakailangang palitan ang mga tagapagtasa.

Simula 9 Disyembre 2024, lahat ng mga organisasyong nagsasagawa ng **aged care needs assessments [mga pagtatasa ng pangangailangan sa pangangalaga sa nakatatanda]** ay magkakaroon ng kakayahang magsagawa ng:

- **home support assessments [mga pagtatasa ng suporta sa tahanan]** para sa Commonwealth Home Support Programme (CHSP)
- **comprehensive assessments [mga komprehensibong pagtatasa]** para sa Home Care Packages (HCP) Program, mga flexible na programa ng pangangalaga sa nakatatanda, residential respite, at pagpasok sa residential aged care.

Ang ilang mga organisasyon ng pagtatasa ay magsasagawa ng **residential aged care funding assessment [mga pagtatasa para sa pondo ng residential aged care]** upang matukoy ang Australian National Aged Care Classification (AN-ACC) [Pag-uuri ng Pambansang Pangangalaga sa Nakakatanda ng Australya] ng isang nakatatanda pagkatapos nilang makapasok sa residential aged care.

Karamihan sa mga organisasyon ng residential aged care funding assessment ay magsasagawa rin ng mga aged care needs assessments upang mapalawak ang pagkakaroon at access sa buong Australya.

Magpapatuloy ang mga pamahalaan ng estado at teritoryo sa paghahatid ng mga pagtatasa na nakatalaga sa ospital. Kung kailangan mo ng pagtatasa habang nasa ospital, itatalaga para sa iyo ang susunod na makukuhang tagapagtasa.

Makikipagtulungan ang Department of Health and Aged Care [Kagawaran ng Kalusugan at Pangangalaga ng Nakatatanda] sa mga papasok at papalabas na organisasyon ng pagtatasa

upang suportahan ang maayos na paglipat sa pangkat ng Single Assessment System at tiyakin na walang magiging puwang sa serbisyo.

## Paano mag-aplay para sa aged care needs assessment?

Walang pagbabago sa paraan ng pag-aplay para sa aged care needs assessment. Ngunit ang Single Assessment System ay naglalayong gawing mas magaan at mas madali ang prosesong ito.

Kailangan mong gawin ito, o ng iyong kinatawan (halimbawa, miyembro ng pamilya o tagapag-alaga):

- bisitahin ang My Aged Care [Aking Pangangalaga sa Nakatatanda] website upang '[Mag-aplay para sa Pagtatasa Online](#)'
- tumawag sa [My Aged Care](#) sa **1800 200 422** (libre ang tawag) mula 8am hanggang 8pm sa mga araw ng linggo at mula 10am hanggang 2pm tuwing Sabado (oras sa lokal na lugar)
- mag-iskedyul ng isang personal na appointment sa isang Aged Care Specialist Officer (ACSO) [Espesyalistang Kawani ng Pangangalaga sa Nakatatanda] sa mga piling Services Australia sentro ng serbisyo sa pamamagitan ng pagtawag sa **1800 277 475** mula 8am hanggang 5pm sa mga araw ng linggo.

Maaaring gawin ng My Aged Care ang mga sumusunod:

- irehistro ka sa My Aged Care kung ikaw ay tumatawag sa unang pagkakataon
- magtanong sa iyo ng ilang mga paunang tanong upang talakayin ang mga serbisyong pangangalaga sa nakatatanda na maaaring kailanganin mo
- itatalaga ka sa isang organisasyon ng pagtatasa sa inyong lugar.

Ang isang Triage Delegate [Delegado ng Triage] mula sa isang organisasyon ng pagtatasa ay tatawag sa iyo sa loob ng 2 linggo matapos tanggapin ang iyong referral. Ito ay sandaling tawag lang upang suportahan ka sa pag-book sa tamang uri ng aged care needs assessment ayon sa iyong mga pangangailangan.

## Naghihintay ako para sa aking pagtatasa, ano ang mangyayari sa akin?

Kung nakipag-ugnayan ka na sa My Aged Care at naghihintay ka na ng tawag mula sa isang organisasyon ng pagtatasa, wala ka nang kailangang gawin sa yugtong ito. Tatawagan ka ng isang lokal na organisasyon ng pagtatasa upang mag-iskedyul ng pagtatasa sa loob ng 2 linggo matapos tanggapin ang iyong referral.

Kung mayroon ka nang nakatakdang pagtatasa, wala nang magbabago. Ang isang tagapagtasa ay pupunta sa iyong tahanan upang isagawa ang iyong pagtatasa sa itinakdang oras at petsa.

## Magkakaroon ba ng mga pagbabago sa paraan ng pagsasagawa ng mga pagtatasa?

Magpapatuloy ang pagsasagawa ng mga pagtatasa nang personal, sa iyong sariling tahanan, o sa ospital kung kinakailangan.

Ang Single Assessment System ay flexible at aangkop sa iyong nagbabagong mga pangangailangan nang hindi kinakailangang palitan ng matatanda ang organisasyon ng pagtatasa.

Sa panahon ng iyong pagtatasa, ikaw ay susuportahan ng parehong organisasyon ng pagtatasa kahit na matukoy nila ang pagbabago sa iyong mga pangangailangan:

- Kung ikaw ay ginagawan ng comprehensive assessment [komprehensibong pagtatasa] ng isang klinikal na tagapagtasa, maaari niya itong gawing home support assessment kung kinakailangan.
- Kung ikaw ay ginagawan ng home support assessment ng isang non-clinical na tagapagtasa, maaari siyang tumawag sa isang klinikal na tagapagtasa (sa pamamagitan ng telepono o video conference) upang talakayin ang mga tanong na nangangailangan ng klinikal na opinyon. Kung ang isang klinikal na tagapagtasa ay hindi agad available, tatawagan ka niyang muli o mag-aayos ng isang follow-up na pagtatasa upang itanong ang natitirang mga klinikal na tanong.

## Magkakaroon ba ng mga pagbabago sa mga muling pagtatasa?

### Aged care needs assessments

Walang pagbabago sa proseso ng mga muling pagtatasa at Support Plan Review [Pagsusuri ng Plano ng Suporta] – ikaw, isang miyembro ng pamilya, o tagapagbigay ng pangangalaga sa nakatatanda ay kailangang makipag-ugnayan sa My Aged Care kung magbago ang iyong mga pangangailangan.

Sa ilalim ng Single Assessment System, maaaring magkaroon ka ng iyong unang muling pagtatasa o Support Plan Review sa ibang organisasyon ng pagtatasa.

Pagkatapos nito, mananatili ang parehong organisasyon ng pagtatasa para sa lahat ng mga susunod na muling pagtatasa. Patuloy na magkakaroon ng kakayahan ang mga tagapagtasa na mag-self-refer para sa mga Support Plan Review, na magpapadali upang manatili ka sa parehong organisasyon ng pagtatasa na nakatagpo mo noong nakaraan.

### Residential aged care funding assessment [Pagtatasa ng pondo para sa residential aged care]

Walang pagbabago sa proseso ng muling pagtatasa ng pondo para sa residential aged care funding reassessments.

Sa karamihan ng mga kaso, ang iyong residential aged care provider ang hihiling ng isang muling pagtatasa upang ayusin ang iyong AN-ACC classification at tumugma sa iyong nagbabagong mga pangangailangan. Bilang isang permanenteng residente ng aged care, ikaw o ang iyong pamilya ay maaari ring humiling ng muling pagtatasa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa My Aged Care.

Ang residential aged care funding assessments ay may awtomatikong proseso para sa pagtatalaga ng mga referral. Hindi nito magagarantiya na magkakaroon ka ng parehong organisasyon ng pagtatasa o tagapagtasa.

## Karagdagang impormasyon

Bisitahin ang website ng My Aged Care para sa karagdagang impormasyon tungkol sa:

- proseso ng pagtatasa
- paano mag-apply para sa isang pagtatasa
- paghahanda para sa isang pagtatasa
- kailan dapat magpatasang muli.

Kung mayroon kang karagdagang mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa My Aged Care sa **1800 200 422.**

O kaya naman, maaari kang mag-book ng personal na appointment sa isang ACSO sa pamamagitan ng pagtawag sa **1800 277 475** o sa pagbisita sa isang Services Australia sentro ng serbisyo.

**This has been translated into Tagalog. To read this fact sheet in other languages, visit the department's website.**